



OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon

Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601

e-mail: ovcca.updiliman@up.edu.ph



Ika-30 ng Oktubre, 2020

Memorandum Blg. ABB - 20 – 12

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Mag-aaral, Alumni

Paksa : Parada at Paligsahan ng Parol

Alinsunod sa Memorandum Blg. FRN-20-057, gaganapin ang birtwal na Parada ng Parol sa ika-18 ng Disyembre, 2020, Biyernes, mula ika-5:00 ng hapon hanggang ika-6:30 ng gabi. Ito ay ang taunang tradisyon ng Unibersidad kung saan ang iba't ibang mga kolehiyo at mga organisasyon ay naghahanda ng kanilang mga parol na naaayon sa kabuuang tema ng *Year-End Program* na "*Abot-Kamay, Abot-Tanaw: Sulong sa bago at mas mainam na bukas*".

Para sa gabay ng mga yunit, kalakip ang *Alituntunin sa Birtwal na Parada at Paligsahan ng mga Parol*. Upang mabigyan ng sapat na oras ang *production team* na ayusin ang mga birtwal na presentasyon na ilalahad sa ika-18 ng Disyembre 2020, ang huling araw ng pagsusumite ng mga parol at bidyo ay sa ika-27 ng Nobyembre 2020, ika-5 ng hapon. Ipapaabot sa mga susunod na abiso kung saan isusumite ang inyong mga parol.

Maraming salamat.

ALELI B. BAWAGAN

Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad at
Tagapangulo ng 2020 *Year-ender Program Committee*

Alituntunin sa Birtwal na Parada at Paligsahan ng mga Parol 2020

Isasagawa ng UP Diliman ang tradisyonal na Parada at Paligsahan ng mga Parol, bagamat sa kakaibang paraan. Ito ay gaganapin sa ika-18 ng Disyembre 2020, ika-5 n.h. at mapapanood sa pamamagitan ng *livestream* (ipapaabot na lamang ang platform sa susunod na abiso). Hindi naging hadlang ang pandemyang COVID-19 upang ating matunghayan ang pagtatanghal na ito.

Maaaring lumahok sa Paligsahan ng mga Parol para sa taong 2020 ang mga akademikong unit. Kinakailangang maipakita sa pamamagitan ng parol ang interpretasyon ng temang **“Abot-Kamay, Abot-Tanaw: Sulong sa bago at mas mainam na bukas”**.

Hindi biro ang dinanas natin sa taong ito. Ang ating katatagan ay sinubok ng iba’t ibang hamon. Sa gitna ng pusikit na yugtong ito sa kasaysayan ng sangkatauhan, sumisirit ang liwanag ng pagdadamayan sa komunidad ng UP Diliman. Saksi tayo sa kabayanihan at pagmalasakit ng bawat isa upang makatuklas ng mga pamamaraan upang malunasan ang suliraning dulot ng pandemya, makisangkot sa gawaing pangkawanggawa para sa mga naapektuhan ng pagbagsak ng ekonomiya, at marubdob na manawagan para sa tunay na pagbabago alang-alang sa ikabubuti ng bayan.

Sa gitna ng mga pagsubok na pinagdaraan natin sa kasalukuyan, pinatatatag at pinalalakas tayo ng matibay na pag-asa sa hinaharap. Hindi tayo nagpapalupig at nagpapasaklob sa kadiliman dulot ng iba’t ibang krisis; bagkus ay nakapako ang ating paningin sa maliwanag na bukas. Ito ang ating pangarap: ang muling makabalik sa ating Unibersidad tangan ang higit pang matibay na paninindigang mapagbuti at mapaglingkuran ang sambayanan.

Ang mga kalahok ay kinakailangang magsumite ng kanilang parol na mayroong sukat lamang na 12x12x12 pulgada. Magsumite din ng pagsasalarawan ng inyong parol sa hindi hihigit na 250 na salita.

Pinapayagan ang mga indibidwal na disenyo ng kasuotan tulad ng *headdress* at mga *hand held* parol. Hinihikayat ang *cost-efficient* na paraan ng paggawa, niresiklong materyales bilang paggalang sa kalikasan, pagiging *eco-friendly*, at mga alternatibo o kahaliling pamamaraan upang maipresenta ang parol sa mamunting disenyo.

Bubuuin ng limang miyembro ang lupon ng inampalan na pipili ng mananalò sa paligsahan. Ang batayan ng pagpili ng magwawaging parol ay:

Pagsunod sa tema	: 20%
Malikhaing paggamit ng materyal	: 30%
Presentasyon at biswal na epekto	: 50%

Upang mabigyan ng sapat na oras ang *production team* na ayusin ang mga presentasyon na ilalahad sa ika-18 ng Disyembre 2020, ang huling araw ng pagsusumite ng parol ay sa ika-27 ng Nobyembre 2020, ika-5 n.h. Ipapaabot sa mga susunod na abiso kung saan isusumite ang inyong mga parol. Pakisumite na lamang ang pagsasalarawan ng inyong parol sa *lanternparade.upd@up.edu.ph*.

Gagawaran ang mga mananalo sa patimpalak sa ika-18 ng Disyembre 2020. Ang mga tatanggaping premyo ay:

Gantimpala	Akademikong Yunit	College of Fine Arts
Apat (4) na Espesyal na Gantimpala	Php 110,000.00	
Pinakamahusay na Gantimpala		
Una		PhP 50,000.00
Ikalawa		30,000.00
Ikatlo		20,000.00
Honorable Mention		10,000.00

Para sa mga katanungan, maaaring mag-email sa Tanggapan ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad (ovcca.updiliman@up.edu.ph) o sa Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Usaping Pangmag-aaral (ovcsa.upd@up.edu.ph).